



### Abstract

The collection of poems talks about the situations we had in the first surge of pandemic and lockdown in the Philippines. The common experiences of the common people and how they were affected. And the things they did to cope up with the situation they are forced to bear.



### Keywords

Social distancing, bakanteng kama – vacant bed, eleksiyon – election, pasaway – pesky, ayuda – help


### English translation of titles

1. Social Distancing in Our Place
2. The Vacant Beds
3. If Only It's Election Period

# ANG SOCIAL DISTANCING DITO SA AMIN


**ANSHERINA MAY D. JAZUL**

# ANG SOCIAL DISTANCING DITO SA AMIN

Paano kami maglalayo-layo
kung ang mga bahay dito ay magkakapit-kapit?
Kumpol-kumpol ang mga kable,
patong-patong ang mga yero,
tabi-tabi ang mga poste.
Kapag papasok sa aming tahanan,
bubungad ang hapag-kainan,
katabi ng kahoy na upuan,
sa sulok naman ang lababo at palikuran.
Walang maibigay na espasyo
Sa pagitan ng mga gamit.
Hindi kami kasya sa loob,
si Mama, si Papa, si Kuya, si Ate,
isinisiksik namin ang mga sarili,
magkasya lang sa kulambo at banig.
Kapag lalabas ng pintuan,
sasalubong ang pinto
ng katapat na bahay.
Hindi rin sila kasya sa loob,
kaya sa labas kami nagsasalo-salo
ng paglalaba, paghuhugas,
paglalaro, pagpapahangin.
Paano kami maglalayo-layo
kung kami mismo dito ay dikit-dikit?

# ANG MGA BAKANTENG KAMA

Ginalugad natin ang buong lungsod
sa paghahanap ng ospital na tatanggap.
Mistulang prusisyon sa tapat nito,
kasama mo sa linya ang mga bata at matatandang
kapwa mo naghahabol ng hininga.
Sabay-sabay nananalangin ang mga kaanak,
nag-aagawan ang mga dasal sa espasyong
hindi natin alam kung kailan darating.
May ilang kumalas na sa pila
at piniling umuwi sa kanya-kanyang tahanan.
Gaya mo.
At sa wakas, sa ilang araw na paghihintay,
may higaan na para sa iyo.
Naghihintay na ang bagong palit
na unan at kumot,
malinis na ang iyong magiging silid.
Ngunit paano hihimbing
sa bakanteng kama
ang katawang hindi na humihinga?

# KUNG PANAHON LANG NG ELEKSIYON

Kung panahon lang ng eleksiyon,
araw-araw may kakatok
upang mag-abot ng pagkain at salapi.
Gabi-gabing ibabalita
ang nagawang tulong ng bawat kandidato.
Kung panahon lang ng eleksiyon,
walang batang magpapalipad ng saranggola
na may mensaheng walang laman ang kanilang sikmura.
Walang ama at ina na magsasabit sa kanilang bintana
ng karatula para humingi ng ayuda.
Kung panahon lang ng eleksiyon,
hindi nila tayo tatawaging pasaway
dahil hindi na tayo lalabas ng bahay.
Hindi pa nauubos ang laman ng ref at bulsa
ay mayroon na namang darating.
'Yun nga lang,
hindi ito ang panahon ng eleksiyon
kaya hindi natin sila makita.